7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kuwarter 4: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat:**
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School SDO Quezon City)

**Tagasuri:**
- Portia R. Soriano (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Kasanayang Pampagkatuto: Nasusuri ang papel ng ASEAN sa usapin ng karapatang pantao sa Pilipinas at Timog-Silangang Asya<br><br>1. Nahahasa ang kaalaman sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit sa likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya.<br>2. Napapahalagahan ang adbokasiya ng ASEAN para sa pagkakamit ng pagkakaisa sa pagharap ng mga pagsubok ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya.<br>3. Nakakagawa ng mga gawaing nagsusulong ng adbokasiyang kaugnay ng papel ng ASEAN tungo sa pagharap ng iba't ibang hamon para sa pagkakaisa ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. |
| **D. Nilalaman** | Ani: Pagkakaisa sa gitna ng Pagkakaiba-iba |
| **E. Integrasyon** | Karapatan, Pananagutan, at Pagkamamayan<br>Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


ASEAN Human Rights Declaration (AHRD) and the Phnom Penh Statement on the Adoption of the AHRD and Its Translations. (2013). In *Google Books*. ASEAN Secretariat. http://books.google.ie/books?id=4NDjngEACAAJ&dq=ASEAN+Human+Rights+Declaration&hl=&cd=2&source=gbs_api

ASEAN Intergovernmental Commission on Human Rights. (2009, January 1). http://books.google.ie/books?id=cg7Homdi4PEC&q=ISBN+978-602-8411-23-3&dq=ISBN+978-602-8411-23-3&hl=&cd=1&source=gbs_api

The Asean Charter. http://books.google.ie/books?id=2v2UN2_XygUC&q=ISBN+978-979-3496-62-7&dq=ISBN+978-979-3496-62-7&hl=&cd=1&source=gbs_api

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br><br>1. Maikling Balik-Aral (ASEAN QUIZ BEE)<br>Panuto: Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Kinakailangan nilang sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa loob ng 10 segundo. Ang bawat katanungan ay may karampatang puntos. Ang pangkat na nakakuha ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling nanalo. Kung sakaling may tabla sa score, kailangan ay i-break ito sa pamamagitan ng “Clincher Round.”<br><br>Madali — 1 puntos<br>Katamtaman — 3 puntos<br>Mahirap — 5 puntos<br><br>Mga Katanungan:<br>Madali:<br>1. Ilang bansa ang bumubuo sa ASEAN sa kasalukuyan?<br>2. Ano ang pamagat ng anthem ng ASEAN?<br>3. Kailan itinatag ang ASEAN?<br><br>Katamtaman:<br>1. Saan nilagdaan ang Zone of Peace, Freedom and Neutrality kung saan layunin nito na panatilin ang kapayaan sa buong ASEAN sa gitna ng Cold War?<br>2. Sa anong taon inaasahan ng ASEAN na makapagtatag ng mapayapa at matatag na Timog Silangang Asya?<br>3. Ano ang tawag sa kasunduan na binuo noong Pebrero 24, 1976 na naglalayon na isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag-unlad ng mga bansa kabilang sa ASEAN?<br><br>Mahirap:<br>1. Ano ang motto ng ASEAN?<br>2. Sino ang naging kinatawan ng Pilipinas sa Bangkok Declaration?<br>3. Ito ay naglalayong bumuo ng isang mas malakas at mas bukas na komunidad sa rehiyon ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)?</td><td>Inaasahang sagot ng mga bata:<br><br><u>Madali</u><br>1. 10<br>2. ASEAN Way<br>3. Agosto 08, 1967<br><br><u>Katamtaman</u><br>1.Kuala Lumpur, Malaysia<br>2. 2020<br>3. ASEAN Discord<br><br><u>Mahirap</u><br>1. One Vision, One Identity, One Community<br>2. Narciso Ramos<br>3. ASEAN Community 2015<br><br>Clincher:<br>1. Universal Declaration of Human Rights<br>2. Oktubre 23, 2009<br>3. Philippines, Indonesia, Malaysia, Singapore, Thailand<br>(Maghanda ang guro ng timer at buzzer)<br><br>Babatiin ang pangkat na nanalo gayon din ang buong klase sapagkat mayroon na</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Clincher:<br>1. Saan dokumento nakabatay ang ASEAN Human Rights Declaration?<br>2. Kailan itinatag ang ASEAN Intergovermental Commission on Human Rights?<br>3. Ibigay ang limang bansa na unang sumali sa ASEAN?</td>
<td>silang sapat na kaalaman tungkol sa ASEAN.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa kahalagahan sa pagkatuto sa aralin: (A-B-P Chart)<br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay pupunan ang chart na inihanda kung saang sasagutin lamang nila ang sumusunod:<br><br>Ano ang aking natutunan<br>Bakit kailangan ko matutunan<br>Matapos ay ipapaliwanag nila ang kanilang sagot sa klase:<br><br>
<table>
<tr><th>Ano ang aking inaasahang matutuhan?</th><th>Bakit kailan kong matutuhan ito?</th><th>Paano ko gagamitin ang aking matututuhan?</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
<br>2. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin (USE THAT WORD!)<br>Panuto: Gagamitin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na salita sa pangungusap.<br>1. ASEAN (Association of South East Asian Nation)<br>2. Likas kayang Pag-unlad<br>3. Karapatang Pantao</td>
<td>Sa bahaging ito ay ilalahad ng guro ang paksang aralin. Mula rito ay ppunan ng mga bata ang ABP Tsart. Maaring magkakaiba ang inaasahang sagot sa mga mag-aaral batay sa kanilang inaasahang matutuhan.<br><br>Kailangang mula sa kanilang mga sagot ay maigiya o lead ng guro ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng paksang pag-aaralan.<br><br>Maari magkaiba ang sagot ng Mag-aaral batay sa pagkakaunawa niya sa mga salita. Gumamit ng scaffolding kung sakaling di nauunawaan kung paano gagamitin ang mga salita.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Ikalawang Araw<br>1. Pagproseso ng Pag-unawa (THINK-PAIR-SHARE)<br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay sasagutan ang tanong na inihanda. Matapos ay maghahanap sila ng kapareha para pag-usapan ang kanilang mga sagot na ibabahagi naman sa buong klase.<br><br>Tanong: Paano makakamit ang pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba ng mga bansang kasapi ng ASEAN?
<table>
<tr><td>Sariling sagot:</td><td>Sagot ng kaparehas:</td></tr>
</table></td>
<td>Bigyan ng limang minuto para sumagot ang mag-aaral. Pagkatapos, magbigay ulit ng limang minuto para makuha ng sagot sa kapareha at pagsamahin ang kanilang sagot na ibabahagi nila sa klase. Kinakailangang i-proseso ng guro ang kanilang sagot para</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | |
| Pingsamang Sagot: | |
| | |

2. **Pinatnubayang Pagsasanay (FACT OR BLUFF)**
   **Panuto:** Tutukuyin ng mga mag-aaral kung ang pahayag ay tama (FACT) o mali (BLUFF)
   1. Layunin ng ASEAN na bumuo ng sariling pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagkalimot sa kultura ng sariling bansa.
   2. Naniniwala ang ASEAN na ang karapatang pantao ay para sa lahat kahit anuman ang iyong lahi o kalagayan sa buhay.
   3. Ang likas-kayang pag-unlad ay nakatuon sa pagtugon sa mithiin at pangangailangan ng tao na may pagsaalang-alang sa kakayahan sa susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang pangangailangan.
   4. Imposible ang pagkakaisa sa ASEAN lalo at magkakaiba ang kultura ng bawat bansa kasapi rito.
   5. Sa pamamagitan ng ASEAN Summit, nagkakaroon ng pagkakataon ang bawat bansa na magbahagi ng kaalaman para mapaunlad ang buong Timog Silangang Asya.

### Ikatlong Araw

3. **Paglalapat at Pag-uugnay (DIFFERENTIATED INSTRUCTION)**
   **Panuto:**Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay may kinakailangang buuhin para maisulong ang adbokasiya ng ASEAN sa pagkamit ng pagkakaisa, likas kayang pag-unlad at karapatang pantao sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang simpleng "Cultural Show"

   **Unang Pangkat-** Poster Making tungkol sa mga ginagawa ng ASEAN tungo sa pagkamit ng likas-kayang pag unlad.

   **Ikalawang Pangkat-** "Spoken Poetry" tungkol sa mga paraan ng pagtataguyod at pagkilala sa karapatang pantao ng mga bansang kasapi ng ASEAN.

lubusang maintindihan ang kahalagahan ng pagkakaisa.

Maaring itanong sa mga mag-aaral kung saang aspeto maaring magkaiba-iba ang mga bansang kasapi ng ASEAN.

**Inaasahang sagot:**
1. BLUFF
2. FACT
3. FACT
4. BLUFF
5. FACT

Ipapaliwanag sa mga mag-aaral kung bakit FACT or BLUFF ang pahayag. Gumamit ng ***scaffolding*** para makuha ng mga mag-aaral ang tamang sagot.

Maglaan ang guro ng mga araw para magsanay ang bawat grupo. Inaasahan na ito ay parang isang "Cultural Show". Magtalaga ang guro ng piling mag-aaral na magiging tagapagdaloy ng programa. ***(Collaborative Learning)***

Maaring magbigay ang guro ng ilang babasahin o links para mas mapalalim ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman para sa naitalagang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Ikatlong Pangkat-** Interpretative Dance na magpapakita ng pangangalaga ng mga bansang ASEAN sa kalikasan.

**Ikaapat na Pangkat-** Role Playing na nagpapakita kung paanong makakamit ang pagkakaisa sa mga bansang kasapi ng ASEAN sa kabila ng pagkakaiba sa relihiyon, paniniwala, at kultura.

**Ikalimang Pangkat-** Interview tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa ng bawat bansa sa Timog Silangang Asya.

Mamarkahan ito sa pamamagitan ng inihandang rubrics:

| PAMANTAYAN | PUNTOS |
|---|---|
| ***Nilalaman***<br>Naibigay ng buong husay ang hinihinging takdang paksa sa pangkatang gawain | 10 |
| ***Presentasyon***<br>Buong husay at galing pinakita ang nakaatas na gawain ng pangkat | 10 |
| ***Orihinalidad at Pagkamalikain***<br>Orihinal at malikhain ang kanilang gawa | 10 |
| **KABUUHAN** | 30 |

</td>
<td>

pagtatanghal sa kanilang pangkat.

Gamitin din ang mga nakatalang sanggunian.
https://asean.org/asean-vision-2020

</td>
</tr>
<tr>
<td>

**D. Paglalahat**

</td>
<td>

1. **Pabaong Pagkatuto (A-P-A Chart)**
**Panuto:** Sasagutan ng mga mag-aaral ang bahagi ng tsart na kung saan ay tinatanong kung paano niya magagamit ang kanyang natutunan.

| Sa **anong** mga aspeto nagkakaiba-iba ang mga bansang kasapi ng ASEAN? | **Paano** pinakikita o pinadarama ng mga bansang kasapi ang pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba? | **Ano** ang kahalagahan ng pagtanggap at paggalang sa pagkakaiba-iba ng mga bansang kasapi ng? |
|---|---|---|

</td>
<td>

Maaring magkakaiba ang inaasahang sagot sa mga mag-aaral batay sa lebel ng kanilang natutunan. Kailangan i-proseso ng guro ang sagot ng mga mag-aaral at iugnay ito sa kahalagahan ng ng naging paksa. Gumamit ng ***scaffolding*** para buuhin ang kanilang nalalaman para masagutan ang iba pang katanungan.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td> </td><td> </td><td> </td></tr></table><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto (Exit Slip)**<br>**Panuto:** Ang mga mag-aaral ay sasagutan ang inihandang exit slip tungkol sa kanila ginawang cultural show.<br><table><tr><td>**A**no ang aking mga natutuhan mula sa mga pagtatanghal?</td><td>**P**aano maaring magamit ang mga pagtatanghal sa pagtataguyod ng pagkakaisa sa mga bansang kasapi ng ASEAN?</td><td>**P**aano ko maisasabuhay bilang isang Pilipino at Asyano ang paggalang sa pagkakaiba-iba ng kultura, relihiyon, at paniniwala ng mga tao?</td></tr><tr><td> </td><td> </td><td> </td></tr><tr><td>Pirma ng Kaklase</td><td> </td><td> </td></tr></table> | I-proseso ng guro ang sagot ng mga mag-aaral. Matapos ay pipirmahan ng kaklase ang “exit slip” bilang patunay na nakibahagi sila sa gawain at nakapagbahagi ng saloobin at natutuhan. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Ikaapat na Araw** | **Inaasahang sagot:**<br>1. Karapatang Pantao |

1. **Pagsusulit (Word Wars)**
   **Panuto:** Buuhin ang mga jumbled words na nasa ibaba. Gamitin ang mga clues na binigay para makuha ang tamang sagot.

   1. NAPARAATK PNAOAT- Isang konsepto na nagbibigay ng proteksyon at pagkilala sa dignidad at mga batayang kalayaan ng bawat indibidwal.
   2. MOGIT ISLAGNAN SAYA- Ang ASEAN ay isang samahan na binubuo ng mga bansa mula sa anong rehiyon ng Asya.
   3. KASIL YAKA GAPUNADL- Nakatuon sa pagtugon sa mithiin at pangangailangan ng tao na may pagsaalang-alang sa kakayahan sa susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang panganagilangan.
   4. SEAAN MMOCUNITY 1025- Ito ay naglalayong bumuo ng isang mas malakas at mas bukas na komunidad sa Timog Silangang Asya.
   5. RANCSIO MORAS- Kinatawan ng Pilipinas sa Bangkok Declaration?
   6. SEANA SIDCODR- Tawag sa kasunduan na binuo noong Pebrero 24, 1976 na naglalayon na isulong ang kapayapaan, pagsulong at pag-unlad ng mga bansa kabilang sa ASEAN.
   7. LAMAYSIA- Dito nilagdaan ang Zone of Peace, Freedom and Neutrality kung saan layunin nito na panatilin ang kapayaan sa buong ASEAN sa gitna ng Cold War.
   8. SANEA MANUH GIRTHS DEONLCTIARA- Kung ang United Nations ay may Universal Declaration of Human Rights, ito naman ang tawag sa bersyon nito para sa mga kasapi ng ASEAN.
   9. NOE MMUCONIYT- Ito ang motto ng ASEAN "One Vision, One Identity, ________
   10. ESANA YAW- Ang pamagat ng anthem ng ASEAN.

2. **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Exit Slip)**
   **Panuto:** Ipabasa sa magulang/guardian ang "exit slip". Ipalagay ang kanilang komento at pirmahan ito bilang patunay na ito ay kanilang nabasa.

| EXIT SLIP | |
|---|---|
| Pangalan ng Mag-aaral | |
| Komento ng Magulang | |
| Lagda ng Magulang | |
| Petsa | |

2. Timog Silangang Asya
3. Likas Kayang Pag unlad
4. ASEAN Community 2015
5. Narciso Ramos
6. ASEAN Discord
7. Malaysia
8. ASEAN Human Rights Declaration
9. One Community
10. ASEAN Way

I-proseso ng buong klase ang mga nakalap na komento mula sa magulang. Magbigay din ng hamon sa mga mag-aaral na kailangan nila ipalaganap ang kanilang natutunan para makamit ang pagkakaisa

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>